



I-scan upang
matuto nang
higit pa!

Pagko-kompost at Pagbebermi-kompost



Ang pagko-kompost ay maaaring gawin halos kahit saan ... sa iyong likod-bahay, sa trabaho o sa paaralan, kahit na sa isang apartment!



Ang pagko-kompost ay isang kontrolado at natural na pagpapa-agnas ng bagay na organiko at isang paraan ng kalikasan sa pagreresiklo ng mga materyal na organiko



Marami itong benepisyo – mula sa pagpapabuti ng kalusugan at pagdaragdag ng kapasidad ng lupa na humawak ng tubig, sa pagtitipid ng pera sa pamamagitan ng pagbawas ng paggamit ng pataba at madalas na pagdidilig.



Ang bermi-pagko-kompost ay isang alternatibong paraan ng pagko-kompost na gumagamit ng mga Red Wiggler na bulating-lupa na ginagawang “worm castings” ang mga tirang pagkain – isang mayamang dagdag-pataba sa lupa.





I-scan upang
matuto nang
higit pa!

2018 Aksyon sa Klima ng County ng San Diego



Alam mo ba na maaari mong suportahan ang mga layunin ng 2018 Planong Aksyon sa Klima ng County sa pamamagitan ng paghahardin?



Ang pagko-kompost sa bahay o sa isang hardin ng komunidad ay isang napapanatiling solusyon na makakatulong na makamit ang layunin ng County sa taong 2030 ng isang 80% dibersyon sa solidong basura sa buong hindi inkorporadong County.



Ang pagkakabit ng mga tagasalo ng tubig-ulan sa pamamagitan ng Programa ng County na Rain Barrel Rebate at landscaping gamit ang mga halaman na matibay sa tagtuyot ay mga epektibong paraan upang makatipid ng tubig. Hanggang taong 2020, ang County ay nagbigay na ng 8,828 na mga bariles.



Ang pagtanim ng mga puno na matibay sa tagtuyot ay isang mahusay na paraan upang makatipid sa tubig, lumikha ng berdeng espasyo, at samsamin ang karbon dioksido mula sa kapaligiran. Ang pinagtibay na Ordinansa sa Pagbabago ng Landscape ay nangangailangan ng dalawang puno para sa bawat bagong tirahan.





I-scan upang
matuto nang
higit pa!

Pagtitipid ng Tubig



Alam mo ba na maaari kang tumulong protektahan ang kalidad ng tubig ng San Diego at makatipid ng pera sa pamamagitan ng mas epektibong paggamit ng tubig?




Sa pamamagitan ng pagpigil sa pagdaloy ng patubig at ng hindi kinakailangang paggamit sa labas ng tubig, maaari kang makatulong upang maiwasan ang pagdaloy ng maruming tubig sa ating mga daanan ng paghahatid (conveyances) at mga daluyan ng tubig (waterways).



Ang Programang Proteksyon ng Tubig ng County ng San Diego ay tumutulong protektahan ang kalidad ng tubig sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mapagkukunan, workshop, at mga insentibo upang pangalagaan ang tubig.



Ang mga may-ari ng bahay at mga negosyo ay maaaring makatanggap ng mga rebate para sa mga pagkilos sa pagtitipid ng tubig tulad ng paggawa ng landscape na mas madaling panatilihin, pagtanim ng mga katutubong halaman na matibay sa tagtuyot, at pagkakabit ng mga aparato ng pag-iipon ng tubig-ulan.





I-scan upang
matuto nang
higit pa!

Nananalakay na mga Peste



Ang Kagawaran ng Agrikultura, Timbang, at Sukat ay gumagawa ng mga hakbang para labanan ang mga nananalakay na mga peste ...



Ang nananalakay na mga peste ay mga organismo na hindi natural na matatagpuan sa isang partikular na lugar at maaaring maging sanhi ng pinsala.



Ang mga nananalakay na insekto at mga peste ay nakapipinsala sa mga prutas at gulay sa pamamagitan ng pagngatngat ng mga ito ng mga halaman at gulay o pagpasa ng mga nakapipinsalang sakit.



Ang mga bitag ay tumutulong protektahan ang mga lokal na hardin at agrikultura mula sa mga nananalakay na mga peste.





I-scan upang
matuto nang
higit pa!

Magtanim para sa mga Polineytor



Sa Estados Unidos, ang mga polineytor tulad ng mga bubuyog, paruparo, uwang, paniki at mga ibon ay may pananagutan sa 75% ng suplay ng ating pagkain – pinananatili nila ang ating mga eko-sistema at tumutulong sa pagpaparami ng halaman.



Upang maprotektahan ang mga mahahalang polineytor, ang Programang Proteksyon ng mga Bubuyog ng Kagawaran ng Agrikultura, Timbang at Sukat ay gumagana upang mapalawak ang mga oportunidad sa pag-aalaga ng mga bubuyog sa hindi inkorpodong County.



Gusto mo bang malaman kung paano maakit at mapanatili ang mga polineytor sa iyong sariling hardin? Narito kung paano:

- Magtanim nang napapanahon at iba-ibahin ang mga bulaklak at namumulaklak ng mga puno
- Isaalang-alang ang pag-iiwan sa mga namumulaklak na mga damo
- Iwasan ang mga pestisidyo



I-scan upang
matuto nang
higit pa!

Napapanahong Tanim



Pag-aralan ang tungkol sa mga uri ng napapanahong tanim na inaani sa County ng San Diego



Taglagas: Ubas, peppers, mga kamatis, karot, patatas at mga turnip



Taglamig: Mansanas, Sitrus, Kiwi, Beets at Berdeng mga Salad



Tagsibol: Berries, Suha, Pipino, Gisantes, at mga Lutong Gulay na Berde



Tag-init: Melon, Prutas Bato, Pakwan, Kalabasa, Abokado, at Sitaw





I-scan upang
matuto nang
higit pa!

Mga Benepisyo ng Pagkain ng Napapanahong Tanim



Ang pagkain ng napapanahong tanimi ay may ilang mga benepisyo para sa mga tao at sa ating kapaligiran! Narito ang tatlong mabuting dahilan sa pagkain sabay sa panahon:



Ang pagkain ng napapanahong mga tanim ay nangangahulugan na mas malamang na kumain ka ng lokal na ani dahil ang napapanahong ani ay may mas malaking pagkakataon na nagmumula ito sa mga bukid, mga hardin, at mga merkado sa iyong komunidad.



Kapag ang mga pagkain ay pinatubo nang wala sa panahon, wala ito ng pinakakumpletong potensyal. Ang mga pagkain na pinatutubo at kinakain sa angkop na panahon ay mas masustansya at maraming benepisyo sa kalusugan.



Ang pagkain ng mga tanim na napapanahon na malapit sa iyo ay nangangahulugan na ang pagkain ay hindi kailangang maglakbay nang malayo upang makarating sa iyong plato. Nakakatulong ito na mabawasan ang mga epekto sa kapaligiran ng paghahatid ng mga pagkaing ito.





I-scan upang
matuto nang
higit pa!

Paghahardin para sa Malilit na mga Espasyo



Magtanim ng isang hardin sa lalagyan kahit saan – kahit mismo sa sarili mong patyo! Narito ang ilang mga suhestiyon para sa pagkakaroon ng isang hardin sa lalagyan sa isang maliit na espasyo:



Magtanim ng mga nakakain at mga ornamental na mga tanim sa iyong lalagyan, kabilang ang mga halaman na nakakaakit sa mga paruparo, mga ibon at mga bubuyog. Ang mga napapanahong mga gulay at bulaklak ay magdadagdag ng kulay at makakaakit sa mga pollinator.



Ang mga makatas na lalagyan ay tumutulong sa mababang paggamit ng tubig.



Siguraduhin na isaalang-alang ang bigat ng mga palayok at punong mga lalagyan kapag itatanim sila sa isang balkonahe.



Ang lupa na naglalaman ng silt at kley ay hindi maganda sa pagtatanim sa lalagyan, hindi ito nagpapahintulot ng sapat na daloy na hangin sa mga ugat. Ang iba't ibang mga halo ng lupang pangtanim (potting mix) ay mabibili o maaari kang gumawa ng sarili mo.





I-scan upang
matuto nang
higit pa!

Maliit na Libreng Silid-Aklatan



Kumuha ng isang Aklat, Mag-iwan ng isang Aklat



Ang mga Maliit na Libreng mga Silid-Aklatan ay may mga kahon kung saan kahit sino ay maaaring kumuha ng isang aklat, o mag-iwan ng isang aklat nang libre.



Upang makahanap ng isang Maliit na Libreng Silid-Aklatan na malapit sa iyo, bisitahin ang www.littlefreelibrary.org/ourmap. Ang mga ito ay matagpuan sa buong County ng San Diego!



Alam mo ba na ang Tarheta ng Silid-Aklatan (library card) ng County ay libre para sa mga residente ng California? Upang makakuha ng isa, magdala ng lawaran na ID at patunay ng tirahan sa iyong lokal na sangay ng SDCL o bisitahin ang www.sdcl.org/card para mag-aplay online.

